Hans-Jörg Ronsdorf

Ano ang kinalaman ng krus sa atin

Payak.
Malinaw.



BAKIT KINAILANGANG MAMATAY NI JESUS?

Bakit Kinailangang Mamatay ni Jesus?

Ano ang kinalaman ng krus sa atin

Hans-Jörg Ronsdorf

Ika-1 edisyon (edisyong Aleman), Oktubre 2026, Sulzberg
Nakalaan ang lahat ng karapatan
Disenyo ng pabalat: Christine Ronsdorf
Malayang isinalin ang mga talata ng Bibliya
Pag-order, mga tanong, pakikipag-ugnayan: hj-ronsdorf@t-online.de

Ngunit ipinakikita ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin, na si Cristo ay namatay **PARA SA ATIN** *noong tayo'y mga makasalanan pa.*

Roma 5:8

Sinisiyasat ng maliit na aklat na ito ang iisang tanong: Bakit makatutulong sa akin ngayon ang kamatayan ng isang lalaki dalawang libong taon na ang nakararaan? Isinulat ito para sa mga mambabasang kaunti lamang ang kaugnayan sa simbahan. Hakbang-hakbang, sa payak na pananalita.

Nilalaman

1 Isang simpleng tanong 6
2 Ano ang mali sa atin 8
3 Kung sino talaga ang Diyos 11
4 Bakit dugo? 14
5 Ang sinabi mismo ni Jesus 16
6 Tatlong mabigat na pangungusap 18
7 Paano tayo inililigtas ng Kanyang kamatayan 21
8 Bakit kasama ang Pasko ng Pagkabuhay 24
9 Ang mabuting balita 26

1 Isang simpleng tanong

Dalawang libong taon na ang nakararaan, isang lalaki ang binitay. Sa labas ng lungsod, sa harap ng mga pader nito. Sa isang kahoy na biga, isang krus na kahoy. Sa harap ng mga usyosong nanonood, na sanay na sa karahasan. Ganoon namatay ang marami noon. Libu-libo ang pinatay ng mga Romano, marami ang ipinako sa krus. Mga kamatayang walang saysay.

Tungkol sa iisang lalaking ito, may sinasabi ang mga Kristiyano hanggang ngayon na kakaibang pangungusap. Namatay raw Siya para sa atin. Ano ang ibig sabihin niyon: para sa atin? Ano ang naiiba sa iisang kamatayang ito?

Mayroon noon at mayroon ngayon na mga taong namamatay para sa iba. Kapag sa ganitong paraan lamang nila maililigtas ang iba mula sa kamatayan. Wala nang hihigit pa sa pag-aalay ng sarili para sa iba. Upang mabuhay sila.

Noong araw, bago pa nagkaroon ng bakuna, may mga batang namamatay sa dipterya dahil hindi na sila makahinga. Isang makapal na lamad ang tumutubo at bumabara sa kanilang lalamunan. Kung minsan, iisa lamang ang nakatutulong. Nagpapasok ang doktor ng maliit na tubo at sinisipsip ang lamad gamit ang sarili niyang bibig. Nakahinga muli ang bata. Ngunit nasa doktor na ngayon ang sakit. May ilang doktor na namatay dahil dito.

Hindi lamang tumulong ang doktor. Ipinasok niya sa kanyang sarili ang pumapatay sa bata. Lumabas ang sakit mula sa bata at pumasok sa doktor.

Dito mismo nagsisimula ang tanong. Kung namatay si Jesus para sa atin: Mula sa ano Niya tayo iniligtas? Ano at saan ang sakit, kung ilalapat natin ang larawang ito?

Karamihan ng tao ay walang nararamdamang anumang sakit. Nabubuhay sila, nagtatrabaho, nagmamahal, ginagawa ang kanilang makakaya. Sakit? Saan? At kung may sakit man, bakit ito pagagalingin ng kamatayan ng isang lalaki dalawang libong taon na ang nakararaan? Isang lalaki ang namatay sa Jerusalem. Ako'y nabubuhay rito.

Ano ang kinalaman ng Kanyang krus sa akin? Hindi ito walang-muwang na tanong. Ito ang pinakamahalagang tanong na maitatanong sa Kristiyanismo. Sa maliit na aklat na ito, wala akong ibang nais gawin kundi subukang sagutin ang iisang tanong na ito. Hakbang-hakbang. Una: Ano ang ating sakit? Pagkatapos: Sino Siya na nag-aalis nito sa atin? Pagkatapos: Ano ang nangyayari sa Kanya? At panghuli: Paano ito umaabot sa akin?

Isa sa mga unang Kristiyano ang nagsabi nito nang mas tiyak. Isinulat niya na pinasan ni Jesus ang ating pagkakasala sa Kanyang sariling katawan, doon sa kahoy, sa krus. At sa pamamagitan ng Kanyang mga sugat tayo ay gumaling.[1]

Tandaan ninyo ang tatlong salita mula sa pangungusap na ito:

Pinasan. Katawan. Gumaling.

Iyan ang pag-iisipan natin nang kaunti.

1. 1 Pedro 2:24

2 Ano ang mali sa atin

Hindi ako magsisimula sa Diyos.

Tungkol ito sa atin.

Walang sinuman sa atin ang nakapili kung sino ang nag-anak sa atin at kung saan tayo isinilang. Hindi natin pasya kung saang kalagayan tayo itinapon ng buhay. Pati kung nasaan tayo ngayon, kadalasan ay hindi tayo ang nagpasya.

Hindi na ito tungkol sa isang pisikal na sakit gaya ng sa bata sa Kabanata 1. Ito ay tungkol sa isang sakit na hindi mahawakan at kung paano ito nadarama: kahungkagan, kawalan ng kahulugan, pakiramdam ng pagkakasala, pagkawasak, kawalan ng labasan, pagkagapos, kawalan ng pag-asa. Walang sinumang gustong makaramdam ng lahat ng ito. Ang sinumang tapat na hihinto sandali ay maaaring makapansin ng ganito at katulad na mga damdamin.

Madalas, dumarating ang mga ito sa isang tahimik na sandali. Sa gabi, kapag hindi kayo makatulog. Sa harap ng isang libingan. O kapag may taong hindi na nakikipag-usap sa inyo. Doon ay may isang bagay na hindi ninyo maitaboy.

Ang bawat tao ay may isang bagay na hindi na niya maitatama. Isang salitang nabitawan. Isang pintong ibinalibag. Isang taong namatay bago kayo nagkasundo. Isang pandaraya na walang nakapansin, ngunit hindi ninyo makalimutan kailanman.

Marami kayong magagawa. Maaari ninyo itong kilalanin. Maaari kayong humingi ng paumanhin. Maaari ninyong bayaran ang pinsala kung maaari. Maaari kayong magpasya na hindi na ito uulitin kailanman.

Huli na ang pagkilala. Hindi na naaabot ng paghingi ng paumanhin ang kabilang tao. Hindi na mababayaran ang pinsala, sapagkat walang salaping makababayad dito. O sapagkat talagang hindi ito posible. At ang pasya ay tumatagal lamang hanggang sa susunod na pagkakataon.

At kahit magtagumpay ang lahat, may matitira pa rin. Nangyari na ang bagay. Naroon na ito sa daigdig. Walang anumang kabayaran ang makapagbubura sa nangyari.

Hanggang dito, ang tiningnan lang natin ay tayong mga tao. Paano kung ang Diyos ang ating Manlilikha? Hindi tayo ang lumikha ng daigdig. Hindi rin ng mga batas ng kalikasan. Hindi rin ng mga tuntunin o kondisyon kung

paano natin haharapin ang pagkakasala o kung paano talaga tayo makalalaya rito. Daigdig ito ng Diyos na kinapanganakan natin. Kahit iba ang akala natin: Hindi tayo ang nagtatakda ng mga tuntunin.

Ang lahat ng binanggit ko sa itaas ay maihahambing natin sa isang nakamamatay na sakit. May maikling salita ang Bibliya para dito: kasalanan.

Gasgas na ang salitang kasalanan. Marami ang nakaririnig dito ng sermon tungkol sa moralidad at ng pagduduro ng daliri. Ang ibig sabihin nito ay isang bagay na napakalapit sa buhay. Ang salitang ginagamit ng Bibliya ay literal na nangangahulugang: hindi tamaan ang puntirya. Gaya ng palasong lumihis.

Kaya ang kasalanan ay nangangahulugang: Hindi ako ang taong nararapat kong maging. At ginawa ko ang hindi dapat. Magkaugnay ang dalawa. Tumutukoy ito sa mga gawa. Mabibilang ang mga iyon. At tumutukoy ito sa isang bahagi ng ating pagkatao, kung saan nagmumula ang mga gawang ito. Hindi iyon mabibilang. Ngunit kilala ito ng lahat. May balak kayong gawin, at ang iba ang nagagawa ninyo. Na para bang may kapangyarihang nagtutulak sa atin. Mula sa loob at mula rin sa labas.

Ngayon ay may isang pangungusap na mahirap pakinggan. Para ito sa lahat. Pati sa akin.

Ganito ang sabi ng Bibliya: Ang lahat ay nagkasala at hindi umaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.[2] Ibig sabihin: Walang sinuman ang gaya o nagiging gaya ng orihinal na layunin ng Diyos sa paglikha sa kanya.

Wala akong sinisisi, wala akong inaakusahan. Sa huli, ang bawat tao ay humaharap sa kanyang sarili. Natatapos din balang araw ang pagtakas sa sarili. Mas mabuting huminto at maging tapat: May pagkagapos ba, kahungkagan, kawalan ng kahulugan, pagkakasala, kalungkutan, pagkawasak, karahasan, paglabag? Ang mga ito ay gaya ng lagnat. Ngunit ang lagnat ay hindi ang sakit. Ipinapakita nito na may sakit, na may mali.

Sa likod nito naroon ang sakit. Hindi ito maingay. Tahimik itong kumikilos. At walang baitang na kung saan kayo makatatakas dito. Sapagkat ang pagkakasala ay hindi lamang nasa iba o nasa labas ko. Nasa loob ko ito. Sa aking buhay, sa aking kasaysayan, sa kung ano ako.

Minsan ay tinawag ng isang pilosopo ang ating budhi na isang hukuman. May tatlong tinig doon: isang taga-usig, isang tagapagtanggol at isang hukom. Ang tatlo ay nagsasalita sa loob natin. Inililista ng taga-usig ang ating ginawa. Naghahanap ng dahilan ang tagapagtanggol. At ang hukom ay nagbibigay ng hatol na hindi natin maiiwasan. Hindi na kailangang

2. Roma 3:23

ipaliwanag sa atin ng sinuman ang hukumang ito. Dala-dala natin ito saanman.

Kaya hindi sapat ang isang salita lamang. Kung may magsabi sa akin: Kalimutan na natin iyan, mabait iyon. Ngunit hindi ako nito ginagawang ibang tao. At hindi nito binubura ang nangyari. Walang doktor na nagpapagaling sa isang bata sa pagsasabing: Hindi naman ganoon kalala.

Kaya dalawang bagay ang kailangan natin. Na tayo'y patawarin. At na ang nasa loob natin ay lumabas at magwakas. Ang isa nang wala ang isa pa ay hindi makatutulong.

3 Kung sino talaga ang Diyos

Hindi tayo makaaalis sa kalagayang ito nang wala ang Diyos. Hindi maiisip ang ating pag-iral nang wala ang Diyos. Maniwala man tayo rito o hindi.

Isang di-pagkakaunawaan muna.

Halos lahat ay may larawan ng Diyos sa isip. Pati ang hindi sumasampalataya. Kadalasan, ito ay larawan ng isang mahigpit na tagapagbantay. Isang nakakikita ng lahat at walang nakakalimutan. May mga natuto nito noong bata pa sila: Nakikita ng mabuting Diyos ang lahat. Hindi iyon parang pang-aliw. Parang babala iyon.

Kung ilalapat ito sa krus ni Jesus, ganito ang dating: Gusto ng Diyos ng parusa. Humarang si Jesus upang Siya ang tamaan ng parusa at hindi tayo. Pinalubag ng Anak ang loob ng galit na Ama.

Marami ang nakarinig nito nang ganito, pati sa mga simbahan. May ilan na tumalikod pa nga sa simbahan dahil dito. Sino ang gugustong magtiwala sa isang Diyos na kailangan munang makakita ng dugo bago maging mabait?

May bahagi rito na totoo. Nakikita ng Diyos ang ating ginagawa. At wala Siyang basta na lamang binubura. Ngunit ang iba ay mali. Ang magsisimula sa larawang ito ay mali ang pagkaunawa sa lahat sa huli. Ang larawang ito ay isang baluktot na larawan. Kahit papaano ay isang pagpapaikli.

Paano kung ibang-iba ang Diyos? Tingnan natin kung sino ang gumagawa ng unang hakbang sa Bibliya. Hindi kailanman ang tao. Laging ang Diyos. Hinanap Niya si Adan sa halamanan matapos siyang magtago. Tinawag Niya si Abraham. Inilabas Niya ang Kanyang bayan mula sa pagkaalipin sa Egipto bago pa Niya ito binigyan ng kahit isang utos. At sa huli, isinugo Niya ang Kanyang Anak.

Ganito ang sabi ng isa sa pinakakilalang pangungusap ng Bibliya: Gayon na lamang inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang Anak.[3]

Hindi ang Anak ang pumilit sa Ama na umibig. Ibinigay ng Ama ang Anak dahil Siya'y umiibig. Gaya ng doktor sa Kabanata 1 na dumating dahil nais niyang tumulong. Hindi dahil may humimok sa kanya.

Paano kung gayon hinaharap ng Diyos ang ginawa natin sa iba – at sa gayon ay sa Kanya? Magsimula tayong muli sa ating sarili. Isipin ninyo na

3. Juan 3:16

may nanakit sa inyo. Nang malubha. Dalawa ang pagpipilian ninyo. Maaari ninyo siyang gantihan. O maaari ninyo siyang patawarin.

Ano ang ibig sabihin ng magpatawad? Hindi ito nangangahulugang wala na ang sugat. Nangangahulugan ito na kayo mismo ang nagpapasan ng pinsala, sa halip na ibalik ito sa kabila. Ang nagpapatawad ay nagbabayad. Laging ganoon. Iyan ang halaga ng kapatawaran. At hindi ang may sala ang nagbabayad nito, kundi ang nagpapatawad.

Iyan ang karanasan sa pagitan ng mga tao. At sa Diyos? Sa Lumang Tipan, ang unang bahagi ng Bibliya, sinasabi Niya sa Kanyang bayan:

Pinahirapan mo ako ng iyong mga kasalanan. Ako, ako nga ang pumapawi sa iyong mga pagsalangsang, alang-alang sa akin.[4]

Magkatabi ang dalawa. Pinahihirapan ng kasalanan ang Diyos. Pinapasan Niya ito. At pinapawi Niya ito. Hindi dahil karapat-dapat tayo. Kundi dahil ganoon Siya. Hindi Siya ang hukom na nag-aabang ng pagkakamali. Kundi Siya na nagpapasan na ng pasanin, matagal pa bago natin mapansin na ipinasan natin ito sa Kanya.

Ngunit kalahati lamang iyan. Hindi nagkukunwari ang Diyos na walang nangyari. Ang isang Diyos na nagbubulag-bulagan sa lahat ay hindi mabuting Diyos. Siya'y magiging walang-pakialam. Kapag may kawalang-katarungang nangyari sa isang bata, inaasahan nating may seseryoso rito. Sineseryoso ito ng Diyos. Lahat. Ang kawalang-katarungang ginawa ko, kasingseryoso ng ginawa sa akin.

Ang tanong ay kung ang Diyos, sa pagpapasan at pagtitiis sa kasalanan, ay makatarungan, walang kinikilingan at hindi sumasalungat sa Kanyang sarili. Itutuwid ba Niya ang lahat – ang nakaraan, ang kasalukuyan at ang hinaharap? Iyon ay makaaapekto sa lahat at sa bawat isa. Maitutuwid pa ba kailanman ang pinsalang dulot ng ating kabiguan – ng ating kasalanan? Isang bagay na hindi maisip, na marahil ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng isang himalang hindi rin maisip.[5]

Ang lahat ng ito ay umaakay sa atin sa krus. Ang isang Diyos na mahigpit lamang ay hindi mangangailangan ng krus. Basta na lamang Siyang magpaparusa at maghihiganti. Ang isang Diyos na maluwag lamang ay hindi rin mangangailangan nito. Magbubulag-bulagan na lamang Siya. Ganoon din iyon kalungkot. Ngunit ang Diyos ay kapwa ganoon. Sineseryoso Niya ang pagkakasala. At lubos Niyang iniibig ang may sala. Ang ganitong Diyos ay tumatahak sa isang daan na kung saan nananatiling totoo ang dalawa. Hindi Siya rito nag-aalinlangan o nahahati. Siya ang pag-

4. Isaias 43:24-25
5. Roma 3:25-26

ibig, at ang ginagawa Niya ay pag-ibig. Isa itong pag-ibig na makatarungan at banal.

Ang krus ang daang ito. At ito ang Kanyang daan. Hindi atin.

4 Bakit dugo?

Madugong pangyayari ang krus. At hindi natin maiiwasan ang dugo. Kahit kakaiba ito sa pandinig. Kahit papaano sa ating bahagi ng mundo.

Sa araw-araw, bihira tayong makakita ng dugo. Kapag may sugat. Sa doktor, kapag kumukuha siya nito. O kapag nagbibigay ng dugo. Doon natin natututuhan ang isang bagay na madali nating makalimutan: Ang dugo ay nakapagliligtas ng buhay. Pinananatiling buhay ng dugo ng isa ang kapwa.

Ang sinumang unang beses na dumalo sa isang pagsamba ay maaaring makarinig ng awit tungkol sa dugo ni Jesus. At magtataka. O mandidiri. Bakit hindi mabubuhay ang Kristiyanismo nang walang dugo? Bakit hindi sapat ang isang salita ng kapatawaran?

Magsimula tayong muli sa ating sarili. Isang batang lalaki ang gumuhit gamit ang mga felt pen sa puting mantel ng kanyang ina. Pumasok ang ina at nakita ito. At pinatawad niya ang bata. Agad, nang walang paninisi. Ngunit makulay pa rin ang mantel. Hindi ito nalinis ng kapatawaran. May kailangang maglaba nito. At ang naglalaba nito ay hindi ang bata.

Iyan ang pagkakaiba ng kapatawaran at paglilinis. Sinasabi ng kapatawaran: Hindi ko ito ibibilang laban sa iyo. Sinasabi ng paglilinis: Wala na ito. Kailangan natin ang dalawa. Sa Kabanata 2, nakita natin na ang kasalanan ay nasa loob natin, gaya ng isang sakit. Kaya hindi lamang natin kailangan ng isang nagsasabing: Kalimutan na natin iyan. Kailangan natin ng isang nagpapagaling.

At sa Diyos? Itinuro Niya ito sa Kanyang bayang Israel matagal pa bago si Jesus. Sa isang wikang banyaga sa atin. Noon, naiintindihan ito ng lahat. Ito ang wika ng mga handog.

Ang isang Israelitang nagkasala ay nagdadala ng isang hayop sa santuwaryo, ang lugar na tinatahanan ng Diyos. Ipinapatong niya ang kanyang kamay sa ulo ng hayop. Ibig sabihin: Ang hayop na ito ay kumakatawan na ngayon sa akin. Pagkatapos ay kinakatay ito. Kinukuha ng saserdote ang dugo at dinadala ito sa altar. Ang dugo ang pinakamahalaga. Hindi ang pagpatay. Ang dugo.

Bakit? Sapagkat sa Bibliya, ang dugo ay kumakatawan sa buhay. Sa kautusan ni Moises, sinasabi ng Diyos:

Ang buhay ay nasa dugo, at ibinigay ko ito sa inyo sa ibabaw ng altar upang takpan kayo nito.[6]

Maraming laman ang pangungusap na ito. Ang Diyos ang nagbibigay ng dugo. Hindi Niya ito sinisingil gaya ng nagpapautang na naniningil ng kanyang pera. Ibinibigay Niya ito, gaya ng doktor na nagbibigay ng gamot. At ang ginagawa ng dugo ay tinatawag na: pagtatakip. Tinatakpan nito ang pagkakasala. At kasabay nito, inaalis ito.

Ano ang sinasabi ng banyagang wikang ito? Tatlong bagay:

Seryoso ang pagkakasala.

Isang buhay ang halaga nito.

At ang buhay na ito ay ibinibigay ng Diyos.

Ngunit larawan lamang ang mga hayop. Hindi alam ng tupa kung para saan ito namamatay. Wala itong maaaring akuin, sapagkat wala itong naiintindihan. Ang Bibliya mismo ang nagsasabi na hindi maaalis ng dugo ng mga hayop ang pagkakasala.[7] Isa itong uri ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, ipinahayag ng Diyos ang talagang gagawin Niya balang araw.

At pagkatapos ay ginawa nga Niya ito. Hindi sa pamamagitan ng isang hayop. Kundi sa pamamagitan ng isang tao na alam ang Kanyang ginagawa. Na nais ito. Siya, na sariling Anak ng Diyos. Dito, hindi kumuha ang Diyos ng dugo ng iba. Ibinigay Niya ang sarili Niyang dugo.

Kaya dugo. Hindi dahil gustong makakita ng Diyos ng dugo. Kundi dahil isang buhay ang halaga ng pagkakasala. At dahil ipinasya ng Diyos na ang buhay na iyon ay ang Kanya mismo. Ang Ama at ang Anak ay ganap na iisa sa gawang ito.

7. Hebreo 10:4

5 Ang sinabi mismo ni Jesus

At si Jesus mismo? Alam ba Niya ang darating sa Kanya?

Kapag maagang namatay ang isang tao, madalas itanong ng mga naiwan: Naramdaman kaya niya ito? May sinabi ba siya na ngayon lamang natin naiintindihan? Kung minsan ay may natatagpuang sulat. O may naaalalang isang pangungusap na binalewala noon.

Kay Jesus, may ibang hinala na madaling pumasok sa isip: Nang bandang huli lamang daw binigyan ng kahulugan ang Kanyang kamatayan. Isang mangangaral ang lumampas sa hangganan. Inalis Siya sa daan ng mga makapangyarihan. At pagkatapos ay naghanap ang Kanyang mga kaibigan ng kahulugan sa kamatayang walang saysay. Nangyayari ang ganoon. Ginagawa iyon ng mga tao kapag nagdadalamhati sila.

Iba ang sinasabi ng mga ulat. Nagsalita si Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan bago pa ito dumating. Ilang ulit. At Siya mismo ang nagbigay rito ng eksaktong kahulugang nagliligtas.

Tatlong ulit Niyang sinabi sa Kanyang mga kaibigan na pupunta Siya sa Jerusalem at doon ay kailangan Niyang mamatay. Kailangan. Ayaw nilang marinig iyon. Mariing sumalungat sa Kanya si Pedro, isa sa kanila. Nanindigan si Jesus.

Minsan ay tinawag Niya ang Kanyang sarili na isang doktor. Pinaratangan Siya na kumakain Siya kasama ng kinasusuklamang mga maniningil ng buwis at ng iba pang taong masama ang pangalan. Sumagot Siya:

Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor, kundi ang mga maysakit.[8]

Alam Niya kung kanino Siya dumating. At sinabi rin Niya kung para saan:

Ang Anak ng Tao ay hindi dumating upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang Kanyang buhay bilang pantubos sa marami.[9]

Anak ng Tao – ganito tinawag ni Jesus ang Kanyang sarili. Pantubos – iyon ang perang tumutubos sa isang bihag. Mula sa pagkabihag, mula sa pagkaalipin. Mula sa isang buhay na baon sa utang. Sinasabi ni Jesus: Ang buhay ko ang halaga. At kayo ang magiging malaya.

Noong huling gabi, kinain Niya kasama ng Kanyang mga kaibigan ang hapunan ng Paskuwa. Sa pistang ito, inaalala ng Israel hanggang ngayon ang paglaya mula sa Egipto. Kumuha Siya ng tinapay, pinagputul-putol ito at

8. Marcos 2:17
9. Marcos 10:45

sinabi: Ito ang aking katawan, para sa inyo. Kinuha Niya ang saro ng alak at sinabi: Ito ang aking dugo, na ibinubuhos para sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.[10]

Hindi nila ito naunawaan. Nang kalaunan na lamang. Ngunit sinabi Niya ito bago pa ito nangyari. Alam Niyang mamamatay Siya. Alam Niya kung para kanino. At alam Niya kung para saan.

Pagkatapos ay dumating ang gabi sa halamanan ng Getsemani, sa paanan ng Bundok ng mga Olibo. Doon natin nakikita kung gaano ito kabigat para sa Kanya. Isinama Niya ang tatlo sa Kanyang mga kaibigan. Sinabi Niya sa kanila na lubhang namamanglaw ang Kanyang kaluluwa, hanggang sa kamatayan. Pagkatapos ay napadapa Siya sa lupa at nanalangin:

Ama, ang lahat ng bagay ay posible sa Iyo. Ilayo Mo sa akin ang sarong ito. Gayunman, huwag ang ibig ko, kundi ang ibig Mo.[11]

Ang saro ay isang lumang larawan. Sa mga propeta ng Israel, ang saro ay ang ipinaiinom ng Diyos sa isang tao. Ang kanyang bahagi. Ang kanyang kapalaran. Kung minsan ay pagpapala ito. Kung minsan ay ito ang pinakamabigat na maaaring itakda sa isang tao. Nakita ni Jesus kung ano ang laman ng Kanyang saro. Hiniling Niya na lumampas ito sa Kanya. At pagkatapos ay ininom Niya ito.

Kaya hindi Siya basta natisod papunta sa Kanyang kamatayan. Nakita Niya ang darating. Hiniling Niya na Siya'y maligtas mula rito. At gayunman ay humayo pa rin Siya. Babalikan natin ito sa Kabanata 7.

Sa krus, ilang sandali bago Siya namatay, may sinabi pa Siyang isang salita. Sa Griego, iisang salita lamang ito. Ganoon din kaikli sa Bibliyang Tagalog: Naganap na.[12] Hindi ito nangangahulugang: Tapos na ang lahat. Kundi: Nagawa na. Natupad na ang atas.

10. Lucas 22:19; Mateo 26:28
11. Marcos 14:34-36
12. Juan 19:30

6 Tatlong mabigat na pangungusap

Ngayon ay magiging mahirap na.

Tatlong pangungusap na kailangan ninyong basahin nang dahan-dahan.

Alam ninyo ang mga pangungusap na kailangan ninyong basahin nang dalawang ulit. Isang resulta mula sa doktor. Isang sulat mula sa tanggapan ng pamahalaan. Binabasa ninyo ang mga ito, isinasantabi, at binabasa ninyo muli. Sapagkat marami ang nakasalalay rito.

May ganitong mga pangungusap din tungkol sa kamatayan ni Jesus. Binuod ito ng mga unang Kristiyano sa iilang pangungusap. Tatlo sa mga ito ang lalong mabigat. Mabigat, sapagkat marami ang pinapasan nila. At mabigat, sapagkat madali silang maunawaan nang mali.

Ang unang pangungusap: Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga Kasulatan.[13]

Ito ang pinakamatandang pangungusap tungkol sa krus na mayroon tayo. Isinulat ito ni Pablo bandang taong 55 sa mga Kristiyano sa Corinto. At idinagdag niya na tinanggap din lamang niya ito mula sa mga naging Kristiyano bago pa siya. Kaya nagmula ang pangungusap na ito sa mga unang taon pagkatapos ng krus. Hindi ito inimbento ng sinuman pagkaraan ng ilang salinlahi.

Dahil sa ating mga kasalanan. Hindi: dahil sa Kanyang mga kaaway. Hindi: bilang halimbawa para sa atin. Kundi: *dahil sa ating mga kasalanan*. May kinalaman ang Kanyang kamatayan sa nakasulat sa Kabanata 2. Sa sakit na nasa loob natin. Sa mga bagay na hindi na natin maitatama.

Ayon sa mga Kasulatan. Ibig sabihin: Nakasulat na ito noon pa sa Bibliya ng Israel. Hindi inimbento ng mga unang Kristiyano ang krus. Natagpuan nila itong muli roon. Pinakamalinaw sa isang awit na ilang siglo na ang tanda noon. Nagsasalita ito tungkol sa isang lingkod ng Diyos na hinahamak, nagdurusa, namamatay. At sinasabi nito:

Pinasan Niya ang ating sakit. Dahil sa ating mga pagsalangsang Siya'y sinugatan. Ipinasan sa Kanya ng PANGINOON ang pagkakasala nating lahat.[14]

Ang salitang naroon ay talagang nangangahulugang sakit. Ito ang "sakit ng kasalanan". Nakikita ng propeta ang isang tumatanggap sa kanyang sarili ng ikinasasakit ng iba. Gaya ng doktor sa tabi ng higaan ng bata.

13. 1 Corinto 15:3
14. Isaias 53:4-6

Ang mga kuwento ng paglaya sa Bibliya ng Israel ay nakaturo nang patiuna sa krus. Ang nangyari roon sa isang bayan ay nangyayari rito para sa lahat ng tao.

Ang ikalawang pangungusap: Ang hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa ng Diyos na kasalanan para sa atin, upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa Kanya.[15]

Ito ang pinakamabigat sa tatlo. Kailangan ninyo itong basahin nang paisa-isang bahagi.

Ang hindi nakakilala ng kasalanan: Walang sariling pagkakasala si Jesus, at hindi Siya kailanman nakipagsabwatan sa kawalang-katarungan. *Ginawang kasalanan*: Inilagay Siya ng Diyos sa lugar na kinauukulan ng kasalanan. Ginawa Niya Siyang kaisa ng kung ano tayo. Hindi: Ginawa Niya Siyang makasalanan. Kundi: Ibinigay Niya sa Kanya ang ating usapin, nang buo. At pagkatapos ay ang layunin: *upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos*. Sa Kanya.

Ang katuwiran dito ay hindi nangangahulugang: walang pagkakamali. Ang ibig sabihin nito: maging maayos ang ugnayan sa Diyos. Muling mapabilang.

Isa itong palitan. Natatanggap Niya ang atin. Natatanggap natin ang Kanya. Ngunit hindi ito palitang gaya ng sa palengke, kung saan nagpapasahan ng isang bagay ang dalawang hindi magkakilala. Isa itong palitan sa Kanya. Isinasama tayo sa loob. Sa Kanyang kamatayan sa krus. At sa Kanyang buhay ng muling pagkabuhay.

Minsan ay sumulat si Pablo ng isang maikling sulat sa isang kaibigan. Tumakas ang isang alipin ng kaibigang ito. Onesimo ang pangalan niya. Marahil ay may tinangay siya. Nakilala siya ni Pablo at pinababalik niya ito. At isinulat niya: Kung may utang siya sa iyo, isingil mo sa akin. Ako ang magbabayad.[16] Walang sinumang nag-iisip dito ng parusa. Ang isa ay nananagot para sa iba. Ganito rin nagsasalita ang Bibliya tungkol kay Jesus.

Ang ikatlong pangungusap: Pinasan Niya ang ating mga kasalanan sa Kanyang katawan, doon sa kahoy.[17]

Kilala na ninyo ang pangungusap na ito mula sa Kabanata 1. Binabanggit nito ang lugar. Sa Kanyang katawan. Sa kahoy, sa krus. Hindi sa isip, hindi kung saan sa langit. Sa isang tiyak na araw, sa isang tiyak na biga, sa isang katawang maaaring dumugo.

---

15. 2 Corinto 5:21
16. Filemon 1:18-19
17. 1 Pedro 2:24

At binabanggit nito ang ginawa: pinasan. Kaugnay nito ang isa pang larawan mula sa wika ng mga handog. Minsan isang taon, sa Araw ng Pagtubos (Yom Kippur), ipinapatong ng saserdote ang dalawa niyang kamay sa ulo ng isang buhay na kambing na lalaki. Ipinahahayag niya sa ibabaw nito ang lahat ng pagkakasala ng bayan. Pagkatapos ay itinataboy ang kambing sa ilang. Dinadala nito palayo ang pagkakasala. Sa isang lugar na hindi na ito makababalik.[18]

Ang mismong salitang ito ay nasa ikatlong pangungusap din: pinasan. Dinala palayo. Si Jesus ay gaya ng kambing na nagdadala ng pagkakasala palabas. At kasabay nito, Siya rin ang handog na ang dugo ay naglilinis. Ang dalawa sa iisang persona.

Nagpapatuloy pa ang pangungusap: upang tayo, na namatay na sa mga kasalanan, ay mabuhay para sa katuwiran. Hindi nakasulat doon: upang gumaan ang ating pakiramdam. Nakasulat doon: upang mamuhay tayo nang naiiba. Ang kamatayan ni Jesus ay hindi lamang isang bagay na nangyari para sa atin. Sa pamamagitan nito, may dapat ding mangyari sa atin at sa loob natin.

At pagkatapos ay dumarating ang pangungusap na kilala na natin: Sa pamamagitan ng Kanyang mga sugat kayo ay gumaling. Ang Kanyang kamatayan ang ating buhay.

18. Levitico 16:21-22

7 Paano tayo inililigtas ng Kanyang kamatayan

Ngayon ay may isang sagot. O kahit papaano, isang pagtatangkang sumagot.

Ang sinumang nawalan ng isang mahal sa buhay ay nagtatanong: Bakit? Bakit siya? Bakit ganito? Kadalasan ay walang sagot. Nananatiling walang saysay ang kamatayan.

Kay Jesus, iba ang ating tanong. Hindi lamang: Bakit Siya namatay? Kundi: Ano ang nangyari sa Kanyang kamatayan? Iyan ang ikatlong tanong mula sa Kabanata 1. Susubukan kong lumapit dito sa limang hakbang.

Una: Inako Niya ito.

Hindi naaksidente si Jesus. Pumasok Siya rito. Alam Niya kung ano ang naghihintay sa Kanya sa Jerusalem. At pumunta Siya roon. Noong gabi bago Siya namatay, nanalangin Siya na sana'y lumampas ito sa Kanya. Pagkatapos ay sinabi Niya: Huwag ang ibig ko, kundi ang ibig Mo.[19]

Ang sumunod ay ginawa ng mga tao. Pagkakanulo ng isang kaibigan. Isang hatol na nakatakda na mula pa sa simula. Mga hampas, panlilibak, ang pagbitay. Walang kidlat mula sa langit. Mga kamay ng tao. Gayunman, sinasabi ng Bibliya: Ito mismo ang daan ng Diyos. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Anak.[20] Kapwa totoo ang dalawa. Mga tao ang gumawa nito. Hinayaan ito ng Diyos na mangyari, sapagkat ganoon ang Kanyang kalooban. Sapagkat sa ganitong paraan dapat mangyari ang himalang hindi maisip, na binanggit sa Kabanata 3.

Ang dinanas doon ni Jesus ay ang nangyayari kapag ang isang daigdig na walang Diyos ay nagpapatuloy sa sarili nitong takbo. Tumutubo ang binhi. Kasinungalingan, kawalang-katarungan, karahasan, kamatayan. Iyan ang ani ng pagkakasala at ng kasalanan. Inani Niya ito sa Kanyang sariling katawan. Hindi ang Kanyang ani. Ang atin.

Ikalawa: Napasan Niya ito sapagkat hindi Kanya ito.

Dito ay nakatutulong ang larawan ng doktor mula sa Kabanata 1. Bakit niya naalis sa bata ang sakit? Sapagkat wala sa kanya ang sakit na iyon. Dumating siyang malusog mula sa labas. Ang doktor na siya mismong nasasakal ay hindi makapagbibigay ng hininga sa sinumang bata.

Ganoon din dito. Walang sariling pagkakasala si Jesus. Walang salitang kailangan Niyang bawiin. Walang pintong ibinalibag Niya. Kaya napasan

19. Marcos 14:36
20. Roma 8:32; Gawa 2:23

Niya ang atin. Ang Matuwid para sa mga di-matuwid.[21] Pinapasan Niya. Inaako Niya ang ating pagkakasala. Pumapanig Siya nang lubos sa mga makasalanan. Nangyayari ito sa krus. Ano ang ginawa nito sa Kanya sa mga oras na iyon?

Ikatlo: Dinala Niya ito sa Kanyang kamatayan.

Bakit kailangang kamatayan ito?

Alalahanin ninyo ang Kabanata 2. Ang pagkakasala ay hindi lamang nasa iba o nasa labas ko. Nasa loob ko ito. Sa aking buhay. Ang kasalanan, ang nakamamatay na sakit na ito na nasa loob ng isang buhay, ay nagwawakas lamang kapag nagwakas ang buhay na iyon. Kaya hindi ito basta maipapawalang-bisa gaya ng isang singilin. Ang isang singilin ay mapupunit. Ang isang buhay ay hindi.

Tinanggap ni Jesus ang ating kasalanan sa Kanyang buhay. Gaya ng pagtanggap ng doktor sa sakit ng bata. At ibinigay Niya ang buhay na ito sa kamatayan. Sumama roon ang pagkakasala at ang ating sakit, sa lugar na kinauukulan nila. Gaya ng pagdadala ng kambing sa mga kasalanan sa ilang, sa lupain ng kamatayan. Doon ito nanatili.

Sinasabi ito ng Bibliya sa matigas na pangungusap na ito:

Hinatulan (at nilapatan ng hatol) ng Diyos ang kasalanan sa laman ng Kanyang Anak.[22]

Hindi ang Anak. Ang kasalanan. Tinanggap nito ang hatol sa lugar na pinagdalhan Niya rito. Iyan ang sagot sa tanong mula sa Kabanata 3. Hindi nagbubulag-bulagan ang Diyos. Hinahatulan Niya ang kasalanan. At inililigtas Niya ang makasalanan. Sa gayon, ang Kanyang pagkamatay para sa atin ay nagiging pinto tungo sa buhay.

At ang dugo? Sa Bibliya, ang dugo ay kumakatawan sa buhay na ibinibigay. Hindi sa kalupitan. Sinasabi nito: Iniaalay ko ang aking buhay para sa inyo.

Ang sahod at bunga ng kasalanan ay kamatayan. Ang Pinagmumulan ng buhay ay namatay sa halip na tayo, upang iligtas tayo mula sa namamalagi at walang hanggang kamatayan.

Ikaapat: Hindi Siya napigil ng kamatayan.

Dito nagtatapos ang larawan ng doktor. Namatay ang doktor sa sakit, at doon na natapos iyon. Kay Jesus, hindi doon natapos. Siya mismo ay ganap na mabuti at matuwid. Ang isang kamatayan na pinagwawakasan ng kasalanan ng iba ay walang karapatan at walang dahilan upang pigilan Siya. Pagkaraan ng tatlong araw, walang laman ang libingan. Kung wala ito, ang

21. 1 Pedro 3:18
22. Roma 8:3

lahat ng iba pa ay isang magandang halimbawa lamang. Dahil dito, ito ay isang pagliligtas. Tungkol dito ang susunod na kabanata.

Ikalima: Ang Kanyang kamatayan ay itinuturing na atin.

Ngayon ang hakbang na ginagawang akin ang usaping ito. Hindi lamang sinasabi ng Bibliya: Namatay Siya para sa atin. Sinasabi nito: Namatay tayong kasama Niya.[23] Hindi ito isang banal na pananalita lamang. Ang ibig sabihin nito: Ang nagwakas sa Kanyang kamatayan ay ang aking maysakit at makasalanang pagkatao. Ang taong ako noon ay namatay doon sa krus at inilibing na kasama Niya. At ang lumabas mula sa Kanyang libingan ay ang simula ng kung ano ang dapat kong maging. Lumipas na ang dati, dumating na ang bago.[24]

Kaya kasama sa kamatayang ito ang isang maliit na salita na hindi dapat laktawan: kasama. Hindi lamang para sa atin. Kasama Niya. Ang sinumang kumakapit sa Kanya ay isinasama. Papasok sa Kanyang kamatayan, kung saan naiiwan ang pagkakasala at ang kasalanan. At palabas sa Kanyang buhay, kung saan wala na ito.

Kung paano maaaring mangyari ang pagkakaugnay na ito, sa isang pangyayari 2000 taon na ang nakararaan, hindi ko masasabi. Dito rin, ito ang may bisa: iyan ang daan at solusyon ng Diyos.

Ang kahulugan nito.

Isipin ninyo ang mga bagay na hindi na ninyo maitatama. Hindi ko ito ipinapaalala sa inyo upang sumama ang inyong pakiramdam. Hindi nabura ang nangyari. Walang sinumang nagsasabi niyon. Ngunit dinala na ito palayo. Ng Isang nakapagpapasan nito. Sa isang lugar na hindi na ito makababalik kailanman.

At kayo?

Hindi na kayo ang taong kinaroroonan nito. Dumaan na kayo sa kamatayan kasama Niya. Hindi ito isang damdamin. Isa itong katotohanang pinagtibay ng Diyos. Maaari kayong tumayo sa katotohanang ito ng Diyos.

May natitira bang hindi ko maipaliwanag? Oo. Kung paanong ang isang buhay ay makapagsasama ng ibang mga buhay sa pagdaan sa kamatayan, nananatili itong hiwaga. Gayundin kung ano ang kahulugan nito para kay Jesus sa Kanyang kaibuturan. Ngunit isa itong hiwagang may petsa, may lugar at may libingang walang laman.

Dito ay masasabi ko lamang: Salamat, Jesus, salamat!

---

23. Roma 6:4; 2 Corinto 5:14
24. 2 Corinto 5:17

8 Bakit kasama ang Pasko ng Pagkabuhay

Noong Biyernes, namatay Siya.

Noong Linggo, walang laman ang libingan.

Ang sinumang nakatayo na sa harap ng isang libingan ay kilala ang pakiramdam. Dito ay may nagwakas. Tuluyan na. Maaaring magdala ng bulaklak at magsindi ng kandila. Ngunit ang kamatayan ang may huling salita. Kahit papaano, ganoon ang tila nangyayari.

Isipin ninyo na natapos ang kuwento ni Jesus noong Biyernes. Isang mabuting tao, binitay. Nagtatago ang Kanyang mga kaibigan dahil sa takot na sila ang susunod. Ang Kanyang libingan ay sarado ng isang mabigat na bato at binabantayan.

Kung gayon, magkakaroon tayo ng isang nakaaantig na halimbawa. Isang namatay dahil sa Kanyang paninindigan. Isang nanalangin pa para sa Kanyang mga berdugo habang nasa krus. Maaari Siyang hangaan. Maaaring subukang tularan Siya. Ngunit walang sinumang maliligtas. Magiging gaya Siya ng doktor sa Kabanata 1: Tinanggap Niya sa Kanyang sarili ang sakit, at pinatay Siya nito.

Sinasabi ito ni Pablo nang walang paligoy-ligoy:

Kung si Cristo ay hindi muling binuhay, kayo ay nasa inyong mga kasalanan pa.[25]

Nasa inyong mga kasalanan pa. Kung gayon, ang libingan ay hindi ang lugar kung saan naiwan ang pagkakasala. Ito lamang ang lugar kung saan naiwan din Siya. Kung gayon, mawawalan ng bisa ang lahat ng nakasulat sa aklat na ito.

May ipinapahayag ang mga unang Kristiyano na hindi pa narinig kailanman. Hindi raw Siya nanatiling patay. Sa ikatlong araw, walang laman daw ang libingan. Ganoon ito natagpuan ng mga babae, maagang-maaga. At nakipagtagpo raw Siya sa Kanyang mga kaibigan. Hindi bilang isang espiritu. Bilang isang kumakain kasama nila at ang Kanyang mga sugat ay maaaring hawakan.

Paano kung totoo ito? Kung gayon, para sa ating tanong, hindi bababa sa tatlong bagay ang kahulugan nito.

Una: Nagsabi ng Oo ang Diyos. Oo sa nangyari noong Biyernes. Kung muling binuhay Siya ng Diyos, kung gayon ang Kanyang kamatayan ay hindi isang kasawiang inayos ng Diyos pagkatapos. Kung gayon, ang

25. 1 Corinto 15:17

kabuuan nito ang daan, at pinagtibay ito ng Diyos. Sinasabi ng isang lumang pangungusap ang dalawa sa iisang hinga: Ibinigay Siya dahil sa ating mga pagsalangsang at muling binuhay upang tayo ay maging matuwid sa harap ng Diyos.[26] Inaalis ng kamatayan ang pagkakasala. Sinasabi ng muling pagkabuhay: May bisa ito magpakailanman.

Ikalawa: Naiwan sa libingan ang pagkakasala. Siya ay hindi. Iyan ang tanda na wala na ito. Kung may natitira pang hindi pa naaayos, may karapatan sanang panatilihin Siya ng kamatayan.

Isang maikling paglilinaw: Ang "Naiwan sa libingan ang pagkakasala" ay isang larawan. Ang ibig sabihin nito: Naayos na ito, inalis na, wala na.

Ikatlo: Siya ay buhay. Siya na namatay para sa atin ay hindi bahagi ng nakaraan. Naririto Siya. Ngayon. Magpakailanman. Pumunta Siya sa Diyos, taglay ang isang katawang pantao at walang kamatayan, ang katawan ng muling pagkabuhay. Mula roon ay babalik Siya.

Siyanga pala, nagpatuloy ang kuwento ng dipterya. Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, nakatuklas ng isang lunas. Kinuha ito mula sa dugo ng mga kabayo. Binigyan sila ng lason ng sakit, kaunti muna, pagkatapos ay mas marami. Nadaig nila ang lason. At nasa kanilang dugo na ngayon ang nagligtas sa mga bata. Libu-libong bata ang nakaligtas sa ganitong paraan.

Bawat larawan ay may kakulangan, pati ang larawang ito. Ngunit may ipinapakita ito. Ang buhay ng isang dumaan sa sakit at dumaig dito ay makapagpapagaling sa iba. Tinanggap ni Jesus sa Kanyang sarili ang sakit ng sanlibutan at dinaig Niya ang kamatayan. Para sa atin na ngayon ang Kanyang buhay. Sinasabi ng Bibliya:

Maliligtas tayo sa pamamagitan ng Kanyang buhay.[27]

Naririto pa ang kasamaan. Gayundin ang sakit, at ang kamatayan. Ngunit natagpuan na ang lunas. Tiyak na ang kanilang wakas.

26. Roma 4:25
27. Roma 5:10

9 Ang mabuting balita

At ako?

Ano ang mapapakinabang ko rito?

Nabasa na ninyo ang aklat na ito hanggang dito. Marahil nang may pag-uusisa. Marahil nang may pag-aalinlangan. Marahil pareho. Ito ang huling tanong mula sa Kabanata 1: Paano ito umaabot sa akin? Isang lalaki ang namatay at muling nabuhay dalawang libong taon na ang nakararaan. Ano ang kinalaman ko roon?

Wala, hangga't nanonood lamang ako. Lahat, sa sandaling ipagkatiwala ko ang aking sarili sa Kanya.

Isipin ninyo ang isang lalaking malubha ang sakit at kasabay nito ay nakatayo bilang akusado sa hukuman. Dalawang bagay ang kulang sa kanya: ang pagpapawalang-sala at ang kalusugan. Maaari siyang pawalang-sala, ngunit mananatili siyang maysakit. Maaari siyang pagalingin, ngunit mananatili siyang akusado. Kailangan niya ang dalawa.

Ganyan ang ating kalagayan. Nakita natin iyan sa Kabanata 2. Kailangan natin ng kapatawaran. At kailangan natin ng wakas ng sakit na nasa loob natin. Ibinibigay ng krus ang dalawa – o mas tamang sabihin: ng Ipinako. Ngunit hindi gaya ng isang makinang hinuhulugan ng barya. Ibinibigay Niya ito gaya ng isang doktor na lumalapit sa tabi ng higaan. Kailangan ng pakikipagtagpo.

Ano ang dapat gawin ng maysakit? Isipin ninyo ang bata sa Kabanata 1. Wala itong magagawa kundi manatiling tahimik at hayaang kumilos ang doktor. Hindi nito kailangang maunawaan ang ginagawa ng doktor. Kailangan lamang nitong hayaan siya.

May salita ang Bibliya para dito: sumampalataya. Gasgas na ang salitang ito. Marami ang nakaririnig dito ng: iturin na totoo ang isang bagay na hindi mapatutunayan. Iba ang ibig sabihin nito. Ang sumampalataya ay nangangahulugang: umasa sa Kanya. Ipagkatiwala ang sarili sa Isang makatutulong. Hindi ninyo kailangang maunawaan ang lahat. Ito lamang, at ito muna: Siya ang nagpapatawad, nagpapagaling at nagliligtas. Kailangan ninyo Siyang hayaang lumapit sa inyo. Buksan ang inyong sarili sa Kanya at papasukin Siya.

At ano ang mangyayari pagkatapos? Ganito ito sinasabi ng isang pangungusap:

Yamang inaring-matuwid na tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos.[28]

Inaring-matuwid – iyan ang pagpapawalang-sala. At kapayapaan. Hindi isang tigil-putukan, kung saan naghihintay ang bawat isa kung magsisimula muli ang kabila. Kapayapaan. Tapos na ang usapin. Hindi dahil ako ang nag-ayos nito. Kundi dahil pinasan Niya ito sa Kanyang katawan, doon sa kahoy.

Tatlong bagay ang kasama rito. Hindi ito pamimilit. Isa itong paanyaya.

Magbalik-loob. Hindi ito nangangahulugang: magpakabuti muna, saka lumapit. Ang ibig sabihin nito: magbago ng direksiyon. Tumigil sa pagnanais na pagalingin ang sarili. Aminin na hindi ito posible. Ang pagbabalik-loob ang tinatawag sa lumang salita na *pagsisisi*.

Magpabautismo. Ang bautismo ay isang tanda na nangyayari sa buong katawan. Inilulubog ang tao sa tubig at umaahon siyang muli. Sinasabi ng Bibliya: Inilibing tayong kasama Niya.[29] Ang taong ako noon ay inilalagay roon kung saan naiwan ang pagkakasala. At ang umaahon ay kabilang sa Kanya na buhay. Sa pamamagitan ng bautismo, ipinapahayag ng isang tao na nasa ilalim na siya ng isang bagong Panginoon, ang Haring Jesus.

Maging kabilang. Walang sinumang naglalakad nang mag-isa sa daang ito. Ang sinumang kay Jesus ay kabilang sa isang samahan kasama ng marami pang iba. Kailangan ninyo ang iba. At kailangan kayo ng iba.

At ngayon ang wakas. Hindi ito wakas, isa itong simula. Ang pangungusap na pinagsimulan ng lahat ay ito: Namatay Siya para sa atin. Ngayon ay alam na ninyo kung ano ang ibig sabihin ng mga Kristiyano rito. Tinanggap Niya sa Kanyang sarili ang ating pagkakasala, sapagkat hindi Kanya ito. Pinasan Niya ito sa Kanyang katawan hanggang sa Kanyang kamatayan. Isinama Niya tayo sa loob, at isinama Niya tayo palabas. At Siya ay buhay.

May mga bagay na hindi na ninyo maitatama. Nananatiling totoo iyan. Ngunit may Isang nagpasan sa mga iyon. Iyan ang mabuting balita. Tinatawag ito ng Bibliya na ebanghelyo. Naniniwala ako: Totoo ito. At para sa inyo ito.

28. Roma 5:1
29. Roma 6:4



Isang lalaki ang binitay, dalawang libong taon na ang nakararaan. Sinabi ng Kanyang mga kaibigan nang kalaunan: Para sa atin iyon.

Ano ang ibig sabihin niyon? Maaari bang mamatay ang isa para sa iba? At ano ang kinalaman niyon sa akin?

Sinisiyasat ng aklat na ito ang tanong hanggang sa dulo. Sinasabi nito kung ano ang mali sa atin, kung sino talaga ang Diyos at kung bakit may mababago ang isang kamatayan.

Ang krus ay higit pa sa isang simbolo. Ito ang daan palabas tungo sa buhay na walang hanggan.

Para sa lahat ng talagang nais makaalam.